1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan - Modyul 2
## Nakapagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng kapwa



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q4_EsP 1_Modyul 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon Sa Pagpapakatao (EsP) – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Nakapagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng Kapwa.**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| Manunulat: | **BERNADETTE A. AGGARAO** |
| Tagasuri: | **EVA O. DELA CRUZ , MARICION C. PAGUIRIGAN** |
| Tagaguhit: | |
| Tagalapat: | **ROLDAN R. RIVERO** |
| Tagapamahala: | **ESTELA L. CARINO, EdD, CESO IV**<br>**RHODAT. RAZON, EdD, CESO V**<br>**OCTAVIO V. CABANSAG, PhD**<br>**RIZALINO G. CARONAN**<br>**RODERIC B. GUINUCAY**<br>**SAMUEL P. LAZAM, PhD**<br>**EMELYN L. TALAUE**<br>**FERDINAND D. ASTELERO**<br>**EVA O. DELA CRUZ** |

**Department of Education – Region 02**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur,
Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan - Modyul 2

## Nakapagpapapakita ng paggalang sa paniniwala ng kapwa

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay

makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Ang modyul na ito ay magtuturo at gagabay sa iyo ng mga iba't ibang paraan o gawi na nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng kapwa. Bilang isang batang nasa murang eded ay dapat napahahalagahan ang pagiging magalang. Mahalagang matutuhan, maisaisip, maisagawa at maisakatuparan sa totoong buhay ang paggalang sa kapwa. Mahalagang kilala mo ang iyong sarili upang maging ganap ang pakikisalamuha at pakikipagkapwa.

Sa modyul na ito ay inaasahang malinang ang kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Nakapagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng kapwa

KODA: EsP1PD- IVd-e – 2

## Subukin

Panuto: Lagyan ng hugis puso ♡ ang bilang na nagsasaad ng wastong gawain at baliktad na hugis puso kung hindi kaaya ayang gawain.

_____1. Maayos na kinakausap ni Pepe ang kaklaseng isang Iglesia ni Kristo.

_____2. Ayaw kalaro ni Ben si Jose dahil siya ay Romano at si Jose naman ay Saksi ni Jehovah.

_____3. Masayang naglalaro sina Toni at Peping kahit magkaiba sila pinaniniwalaan.

_____4. Pinagtatawanan ng bata ang nakitang pagdadasal ng Mga muslim.


_____5. Ayaw kasabay ni Lala si Maya sa pagkain dahil siya ay nagdadasal muna bago kumain.

# Aralin 1 — Paggalang sa Paniniwala ng Kapwa

Paano nga ba ang magiging magalang? Mahalaga ba sa atin bilang Filipino ang pagiging magalang sa paniniwala ng kapwa. Ang paggalang ay napakahalagang katangian ng isang batang Filipino kagaya mo. Ito ay karapatan ng bawat tao na maibigay sa kanya at tungkulin din na maipakita at maipadama sa kanya. Sa ating komunidad sa Ilagan, may mga iba't ibang paniniwala ang mga Ilagueno. Ito ay naipapakita sa paraan ng paniniwala, pagpapahalaga at istilo ng pamumuhay ng bawat tao.

## *Balikan*

Panuto: Basahin ang mga salita na nakalahad sa kahon at tukuyin ang mga katangi tanging katangian ng bawat tao na dapat taglayin. Isulat ito sa mga bilog o graphic organizer upang makumpleto ito.




- Batang tinutupad ang bilin.
- Batang matampuhin
- Batang may respeto
- Batang maaasahan
- Batang bugnutin
- Batang sumunod sa utos.

## Tuklasin

Magandang araw! Inaasahan sa modyul na ito na ikaw ay makatutukoy,makasusuri at makapagpapaliwanag ng mga tamang hakbang ng wastong pagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng kapwa.

Panuto: Basahin at unawain ang maikling kwento. Sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

### Popoy at Pipoy

Ni: Bernadette A. Aggarao

Matalik na magkaibigan sina Popoy at Pipoy. Sila ay palaging magkasama sa pagpasok, paglalaro at pamamasyal. Ngunit biglang nagkaroon ng sakit na COVID 19 sa kanilang lugar, nagging bawal na ang mga batang gumala at maglaro sa labas dahil sa pandemic na ito. Si Popoy ay palaging nagdadasal na sana ay wala na ang pandemic, sinunod niya ang payo ng magulang na manatili sa bahay ngunit si Pipoy naman ay palaging tumatakas sa bahay nila upang maglaro sa labas at maligo sa ilog. Palaging pinapayuhan ng kanyang nanay na manatili sa kanilang bahay at maligo sa ilog. Palaging pinapayuhan ng kanyang

nanay na manatili sa kanilang bahay at magdasal. Sinasagot niya ang magulang at tinatawanan ang pagiging madasalin ng kanyang magulang at palaging sinasabi na "hindi tayo matutulungan ng Diyos," "Hindi ako kagaya ni Popoy na palaging nagdadasal." Wika pa niya.

A. Kumuha ng tala mula sa tekstong binasa para masagot ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang titik ng inyong kasagutan sa loob ng *Story Train* na nasa ibaba.


1. Sino ang batang masunurin!
   a. Pipoy  b. Popoy  c. Nanay  d. Pipoy at Popoy

2. Ano ang sakit na dumapo sa kanilang lugay?
   a. Dengue  b. Rabis  c. Malaria  d. COVID 19

3. Naging bawal sa mga bata ang lumabas sa bahay dahil sa________.
   a. Bagyo  b. sunog  c. pandemic  d. rabis

4. Sino ang hindi nagpapakita ng paggalangsa paniniwala ng kapwa?
   a. Popoy  b. Pipoy  c. Nanay  d. Popoy at Pipoy

5. Anong katangian ang mayroon kay Popoy?
   a. Magalang  c. matigas ang ulo
   b. mayabang  d. masayahin




A. Sagutin ang mga katanungan sa loob ng *graphic organizer* sa pamamagitan ng pagtatala ng tamang datos mula sa tekstong binasa.

POPOY AT PIPOY

Sino ang tauhan sa kwento?

1._P________________

2._P________________

Batang may paggalang sa kapwa

1.________________

Katangian ni Popoy

M__G__L__NG

Batang walang paggalang sa kapwa

1.________________

Katangian ni Pipoy

P__S__W__Y

## Suriin

Paano ang maging taong totoo? Mahirap talaga ang magpakatotoo. Ang totoong tao ay madali lang magpakita ng paggalang ng paniniwala sa kapwa dahil siya ay totoo sa sarili at may takot sa Diyos. Ang pagpapakita ng paggalang sa paniniwala sa kapwa ay isang katangian ng pagiging magalang.

Bilang bahagi ng pagkilala sa sarili, bigyang halaga din ang pagkilala sa kapwa maging iba man ang paniniwala nila.

Basahin ang mga sumusunod na tanong o sitwasyon. Lagyan ng tsek (/) ang angkop na sagot sa bawat hanay. Mamili sa hanay OO at hanay Hindi.

| Tanong | oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Nakikipagkaibigan sa may ibang paniniwala. Dapat ba itong taglayin? | | |
| 2. Tama bang igalang ng bata ang pook sambahan ng iba? | | |
| 3. Pagtawanan ang ibang paniniwala ng kapwa. | | |
| 4. Makatwiran bang iwasan ang kaklaseng may ibang paniniwala? | | |
| 5. Respeto sa kapwa ay paggalang din sa sarili. | | |

## *Pagyamanin*

Basahin at unawain ang tula


### Si Galang at si Teki

Ni: Bernadette A. Aggarao

Magalang na bata
Nawiwili ang madla
Si Galang ay isa sa kanila
Iginagalang paniniwala ng iba

Si Teki naman ay mahilig maglaro
Laging nakatutok sa gadget na may laro
Walang pakialam sa kapwa o sinumang tao
Ang mahalaga sa kanya may load ang telepono.

A. Batay sa tula na binasa, itala ang mga datos sa dayagram tungkol sa batang may paggalang sa paniniwala ng kapwa at batang walang paggalang sa paniniwala ng iba.




B. Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot. Ang mga sagot ay batay sa nabasang tula.

1. Ano ang pamagat ng tula?
   a. Ang paggalang sa kapwa
   b. Si Galang at si Teki
   c. Ang Magalang
   d. Si Galang
2. Sinong bata ang may kahangahangang katangian?
   a. Si Galang
   b. Si Teki
   c. Ako
   d. Ako at si Teki


3. Ano ang katangian ng batang magalang?
    a. Siya ay masaya.
    b. Siya ay masipag
    c. Siya ay may paggalang sa paniniwala ng iba
    d. Siya ay may katangiang ayaw matalo
4. Si Galang ay magalang sa kapwa, si Teki naman ay mahilig sa _______.
    a. Laro
    b. Maligo
    c. Kumain
    d. Mag-aral
5. Sino ang gusto ninyong Tularan? Bakit?
    a. Si Teki kasi marunong sa telepono.
    b. Si Galang kasi siya ay magalang
    c. Wala akong gusto sa kanila.
    d. Silang dalawa.

## *Isaisip*

Ang pagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng kapwa ay isang katangian na dapat pagyamanin at taglayin. Sa gawaing ito ay nililinang hindi lang kaalaman kundi kaiisipan upang maging kahanga hanga at nagbibigay inspirasyon sa karamihan. Ito rin ay nagsisilbing buklod ng karamihan upang respeto sa bawat isa ay maisakatuparan

## *Isagawa*

Panuto: Isulat sa loob ng dahon ng puno ang maaaring katangian ng isang taong may paggalang sa paniniwala ng kapwa. Mamili sa loob ng kahon.




| | | |
|---|---|---|
| Madasalin | magalang | pasaway |
| mayabang | mabait | marespeto |
| palakaibigan | mapagkakatiwalaan | madamot |

## Tayahin

### Mag-isip isip: Isa, Dalawa, Tatlo…

Buuin ang salita sa pamamagitan ng paglalagay ng titik sa kahon sa ibabaw ng bilang. Gamitin ang alpabetong may katumbas na bilang sa ibaba upang makabuo ng salitang may kaugnayan sa paggalang sa paniniwala ng kapwa.

| A | B | C | D | E | F | G | H | I | J | K | L |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |

| M | N | O | P | Q | R | S | T | U | V | W | X | Y | Z |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |

1.

| | E | | | | | O |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 18 | 5 | 19 | 16 | 5 | 20 | 15 |

2.

| | A | | | L | | | G |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 13 | 1 | 7 | 1 | 12 | 1 | 14 | 7 |

3.

| M | | B | | | T |
|---|---|---|---|---|---|
| 13 | 1 | 2 | 1 | 9 | 20 |

4.

| | O | | | O |
|---|---|---|---|---|
| 20 | 15 | 20 | 15 | 15 |

5.


| M | | | | N | U | | | N |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 13 | 1 | 19 | 21 | 14 | 21 | 18 | 9 | 14 |

## *Karagdagang Gawain*

### BUUIN MO AKO!

Panuto : Tukuyin ang iba't ibang titik sa bawat hugis na nabuo sa hugis tao. Buuin ang pangalan ng tao ayon sa titik na nakatalaga sa bawat hugis. Sundan ang halimbawa sa hugis tao.

1. Ako si bilog , ang tawag sa akin ay R.
2. E naman ang bansag sa akin bilang hugis parisukat.
3. Ang pangalan naman naming dalawang tatsulok ay S at E.
4. P naman ang tawag sa akin bilang patayong parihaba.
5. T at O naman ang dalawang magkatabing parihaba ko sa ibaba.
6. Sino ako?




Ako si ___ ____ ____ _____ _____ _____ ____

# Susi sa Pagwawasto

Tayahin

(Maaaring magkabali-baliktad ito)

1. Respeto
2. Magalang
3. Mabait
4. Totoo
5. Masunurin

Isagawa

(Maaaring magkabali-baliktad ito)

1. Madasalin
2. Magalang
3. Mabait
4. Marespeto
5. Palakaibigan

Suriin

1. Oo
2. Oo
3. Hindi
4. Hindi
5. Oo

Pagyamanin

A.

1. Galang
2. Teki
3. Bata

B.

1. B
2. A
3. C
4. A

Tuklasin

A. 1. b
2. d
3. c
4. b
5. a

B.

5. Popoy
6. Pipoy
7. Popoy
8. Pipoy
9. Magalang
10. Pasaway

Subukin:

1. 

2. 


3. 

4. 

5. 

Balikan:

1. Batnag tinutupad ang bilin
2. Batang maaasahan
3. Batang may respeto
4. Batang sumusunod sa utos
5. Batnag mayabang




## *Sanggunian*

ESP 1

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph